1 Celebrate the 49th founding anniversary of the NDFP! Scientists and engineers, resist tyranny!
3 Apolonio Mendoza NPA Command hinamon ang mga syentista na lumahok sa digmang bayan!
4 Reklamasyon ni Duterte perwisyo sa mamamayan at kalikasan (*Ikalawang bahagi*)

# Agham Bayan

AGHAM AT TEKNOLOHIYA PARA SA MASA

May 2022 | Published by the Liga ng Agham para sa Bayan | 2022 Special Release



## Celebrate the 49th founding anniversary of the NDFP! Scientists and engineers, resist tyranny! Serve the people's democratic revolution!

The Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) extends its warmest revolutionary greetings to the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) on its 49th founding anniversary. As an NDFP member organization, we share in its spirit of unwavering commitment to carry forward until victory the national democratic revolution with socialist perspective.

Throughout nearly five decades of struggle, the NDFP continues to play a most critical role in building national unity to fight for national and social liberation. The NDFP serves to propagate the revolutionary consciousness among the masses by exposing and opposing imperialism, feudalism, bureaucrat capitalism which are the root causes of poverty, oppression, and civil war in the Philippines.

Within the national united front, the Filipino people can rely upon the NDFP to resolutely forward the basic alliance of workers and farmers as well as all democratic forces. Under its 12-point program, it struggles for a just peace and national independence, genuine

## Celebrate the 49th founding anniversary of NDFP

cont. from p1

democracy, economic development through land reform and national industrialization, social justice, cultural progress, and international solidarity with all peoples of the world.

LAB has contributed by arousing, organizing, and mobilizing the sector of science and technology (S&T) to support and participate in the new democratic revolution. LAB continues to contribute to developing the protracted peoples war by joining and developing the armed resistance, revolutionary agrarian reform, and red political power in the countryside. Through mass campaigns and militant struggle in the urban areas, LAB pushes for the democratic rights and interest of the S&T sector and the broad masses.

In struggling for the same goals of the NDF, LAB orients itself to carry a nationalist, scientific, mass-oriented culture in its work in propaganda and campaigns and that S&T is essential in national industrialization and modernizing agriculture. LAB's goals are founded in serving the oppressed classes, to improve the state of the people, and by using S&T as an instrument to end exploitation and oppression.

With the reactionary Presidential elections merely weeks away, however, it is urgent to unite the S&T sector with revolutionary forces, and the broad masses against the threat of Marcos and Duterte to return to power. We must pull out all stops in creating a broad alliance to oppose the worst reactionary tandem of Bongbong Marcos and Sara Duterte. Though reactionary, we engage in the elections in order mobilize the middle forces particularly those involved in S&T to expose the crimes and sins of the Duterte and Marcos dynasties. The S&T sector has gravitated towards an opposition that has promised reforms, and in the case of their success, democratic forces must challenge such opposition to rise to the occasion and immediately reverse the anti-people, unscientific policies and programs of the previous administrations.


The S&T sector must be convinced to join LAB and the revolutionary forces in educating and mobilizing the broad masses of the people in defending their right to clean, honest and fair election. They can join election watchdogs and people's organizations so that they can collectively thwart the dirty tactics and possible electoral fraud, particularly by the Marcos-Duterte camp.

Regardless of whoever wins the reactionary election, LAB's most important tasks are to increase its membership, to organize and mobilize the S&T sector in fighting for the people's democratic rights, help strengthen the NDFP, and support the advancement of the people's war in the Philippines toward the advanced defensive substage and beyond. This way, in the worst-case scenario where a dictator and fascist returns, and a worse tyranny ensues, we should lead the unity of scientists and engineers for a more intense struggle beyond the legal-democratic sphere. The fight for a clean election and against the Marcos-Duterte alliance is part of the fight against the world capitalist crisis, against imperialism, feudalism, bureaucrat capitalism, and the backwardness of S&T.

The revolutionary scientists and engineers under LAB firmly resolve to strengthen and expand to forward the protracted people's war toward the advanced defensive substage. We celebrate the NDFP's 49th anniversary with the urgent and resounding call: Scientists and engineers, resist tyranny! Serve the people's democratic revolution!

**Long live the National Democratic Front of the Philippines!**
**Long live the Filipino people!**
**Scientists and engineers, serve the revolution!**

## Mt. Busa: A wildlife frontier threatened by profit-driven entities




**Agham Bayan**

*Agham Bayan is published by the Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) for the purpose of raising the political and social consciousness of Filipino scientists and technologists regarding the issues and problems affecting Philippine science and society. It is committed to the promotion and use of science in the service of the Filipino nation and people. It espouses the cause of national freedom and democracy.*

# Apolonio Mendoza NPA Command hinamon ang mga syentista na lumahok sa digmang bayan!




Rebolusyonaryong pagbati mga kasama!

Mula sa buong yunit ng Apolonio Mendoza Command-NPA Quezon, natanggap at buong pusong nagpapasalamat kami sa inyong pinadalang suportang materyal at pinansyal noong mga nakaraang buwan. Malaking tulong ito para sa pang-araw-araw na pangangailangan at gawain ng inyong hukbo lalo sa papatinding digmaan sa ilalim ng Rehimeng US-Duterte.

Taon-taon na nagpapahayag ang kasalukuyang rehimen na uubusin ang New People's Army at ang rebolusyonaryong kilusan. Ngunit patunay, ang anibersaryo ng NDFP, nagpapatuloy at umaalab ang pagtangkilik, pagsuporta ng mamamayan dahil wagas, wasto at makatarungan ang ating inilulunsad na rebolusyon.

Kaya't kahit anong hirap at sakripisyo hanggang sukdulan ang pinakamataas na antas ng sakripisyo, ang kamatayan, tanggap at sinusuong ito ng mga rebolusyonaryo hangga't hindi nakakamit ang tunay na tagumpay. Patunay din na kahit pinaghihiwalay tayo ng mga kalsada at kabundukan ay hindi magkalayo ang ugnayan ng kalunsuran at ng kanayunan.

Bagamat naging mahirap at mabangis ang atake ng rehimen, nagkaroon man ng mga kabiguan, hindi mapagkakaila ang mga naging tagumpay ng kilusan. Sa gitna ng maingay, magastos at marahas na reaksyunaryong halalan ay napatunayan natin na ang itinatayo natin ay ang tunay na gobyerno ng mamamayan na tunay na maglilingkod sa interes ng sambayanan.

Bahagi nito mga kasama, ang kahalagahan at pangangailangan ng mga siyentista ng bayan. Kinakailangan ang natatanging husay at galing upang paunlarin ang mga batayang industriya natin lalo sa larangan ng teknolohiya at ng siyentipikong kaalaman.

Habang umuunlad ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan, kinikilala naman natin na atrasado at pre-industriyal pa rin ang teknolohiya sa maraming sakahan at bukirin. Dahil tayo ay nagsusulong ng makabayan, siyentipiko at maka-masang siyensya, dito salat na salat ang kanayunan luwal na din ito ng ipinagkait at pinagkakakitaan na kaalaman ng reaksyunaryong sistema.

Higit sa mga materyal at pinansyal na suporta, hinihikayat namin kayong makita ang kalagayan ng kanayuan at maibahagi ang inyong kaalaman at kasanayan para sa pagpapaunlad ng iba't ibang uri at sektor sa usapin man ng agrikultura, medisina, edukasyon, at iba pa.

Sana ay mahikayat ang mga syentista at teknolohista natin na makipamuhay at kalaunan ay buong panahong kumilos sa aming larangan ng digma.

Kaya't nananatili ang panawagan sa lahat ng mga siyentista ng bayan, tumungo sa kanayunan, iambag ang kaalaman at husay, sumapi sa New People's Army!

**Maligayang anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines!**

**Mabuhay ang NDFP! Mabuhay ang Liga ng Agham Para sa Bayan!**

**Mabuhay ang mamamayang lumalaban!**

# Reklamasyon ni Duterte perwisyo sa mamamayan at kalikasan

Pangalawang Parte: Ang reklamasyon ay legasiya ng rehimeng Marcos at Duterte



Disyembre 2021. Sinalanta ng Bagyong Odette ang Kabisayaan, hilagang bahagi ng Mindanao at isla ng Palawan. Ayon sa pinakahuling tala, umabot sa 407 katao ang namatay at 13.3 bilyong pisong halaga ng pagkasira sa agrikultura. Ilang matataas na gusali, partikular ang SM Seaside City Cebu na nakatayo sa isang nireklamang erya, ang sinira ng bagyo. Ang mga kaganapang ito ay nagpapahiwatig ng mga posibleng mangyari kapag natuloy ang mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay.

**Malawakang pagkasira ng bakhawanan ang dinulot ng rehimeng US-Marcos (1965-1986)**

Sa mga unang bahagi ng ika-20 siglo, naitala na mayroong humigit-kumulang 450,000 ektarya ng bakhawanan sa buong Pilipinas. Noong 1920, karamihan sa mga palaisdaan sa buong bansa ang nakakonsentra sa Manila Bay, kung saan makikita ang aabot sa 38,093 ektarya ng palaisdaan sa Rizal (hilagang bahagi ng Metro Manila na ngayon), Bulacan, Pampanga at Bataan. Taong 1950, halos dumoble ang lawak ng mga palaisdaang ito. Mula 1951 hanggang 1988, 279,000 ektarya ng bakawan ang nawala dahil sa kumbersyon sa palaisdaan. Hinikayat ito ng gobyerno sa pamamagitan ng pagbibigay pautang na galing sa mga imperyalistang bansa at bangko. Tinuturing din ng gobyerno ng Pilipinas na ang mga bakawan ay lugar na di produktibo at walang halaga.

Ang malawakang pagsasapribado, pagpapalit-gamit at tuluyang pagsira sa mga bakhawanan sa bansa ay lalo pang lumala nang isabatas ng diktadurang US-Marcos ang Fishpond Lease Agreement (FLA) na nakasaad sa Presidential Decree 704 ng 1975 upang suportahan ang industriya ng bangus at sugpo na kabilang sa pang-export sa pandaigdigang merkado. Ang industriya ay dominado ng mga malalaking panginoong maylupa at ng mga burgesya kumprador. Sa ilalim ng FLA, maaaring gawing palaisdaan ang mga bakhawanan, at aabot ng 25 taon ang bisa ng lease nito. Napakababa lamang ng binabayarang renta sa FLA na aabot lamang sa 50 piso kada ektarya kada taon. Dulot ng napakababang presyo sa upa kapalit ng limpak-limpak na kikitain sa isda at troso, marami ang naengganyong magpalit-gamit ng mga bakhawanan. Taong 1992 na lamang tinaasan ang upa sa halagang 1000 piso kada ektarya kada taon.

Noong 1977, halos kalahati lamang ang natirang bakhawanan sa bansa na umabot na lamang sa kabuuang erya na 220,243 ektarya. Sa nalalabing 140,000 ektarya ng bakhawanan sa bansa, 78,000 ektarya ang dineklarang preservation at conservation area, samantalang ang nalalabing 62,000 ektarya ay binuksan para sa pagdebelop ng palaisdaan. Ang paglawak ng pribadong akwakultura o palaisdaan ay nagdulot ng matinding pagkasira ng mga bakawanan, dislokasyon sa komunidad at kabuhayan ng mga mangingisda, at pagbagsak ng produktibidad sa pangisdaan.

Ang FLA ay lalo pang pinagtibay at pinagpatuloy sa ilalim ng hungkag na Fisheries Code of 1998 (Republic Act 8550).

**Nakabalangkas ang reklamasyon sa mga neoliberal na programa ng estado.**

Noong 1954, idineklara ni dating pangulong Ramon Magsaysay ang Manila Bay bilang National Conservation Park. Ayon sa presidential proclamation na inaprubahan ng Kongreso, ipinagbawal ang mga proyektong maaaring magbago sa anyo ng Manila Bay. Subalit pinawalang saysay ito ng rehimeng Marcos matapos magsagawa ng malawakan at agresibong reklamasyon sa Metro Manila. Taong 1977, inumpisahan ng diktaduryang Marcos ang pagtambak ng lupa sa dalampasigan ng mga lungsod ng Pasay at Maynila. Ang proyektong ito na kilala bilang Bay City reclamation project ay isang patunay sa "edifice complex." Ang reclamation project na ito ay nagbigay daan sa mga Marcos para mangutang ng pondo at sa gayon ay mangurakot. Kabilang sa mga proyektong tinayo sa Bay City ay ang kontrobersyal na Cultural Center of the Philippines Complex na pinondohan ng Philippine-American Culture Foundation, at kung saan maraming manggagawa ang namatay matapos matabunan ng semento habang tinatayo ang isa sa mga gusali dito.

Sa kasalukuyan, pinagpatuloy ng rehimeng US-Duterte ang legasiya ng mga Marcos. Ang Philippine Reclamation Authority, ang ahensyang nilikha ni Imelda Marcos, ay nilipat sa ilalim ng Office of the President noong 2019. Ibig sabihin, direktang kontrolado ni Duterte ang opisinang ito. Sa kabila ng paulit-ulit na pahayag ni Duterte na tinututulan niya diumano ang malawakang reklamasyon, marami sa kanyang mga crony at kaalyado ang nakatanggap na ng mga karampatang dokumento para makapagsimula ng reklamasyon. Halimbawa na lamang dito ang pag-apruba ng PRA sa proyekto ng Ulticon Builders Inc., isang kumpanya mula Davao na pagmamay-ari ni Carlos "Charlie" Gonzalez, na magreklama para sa 260-ektaryang Pasay-260 Reclamation Project at 265-ektaryang Pasay Harbor City Reclamation Project. Dagdag dito, kabilang sa mga naunang proyekto na inaprubahan din ng PRA ay ang Pasay-360 Reclamation Project ng SM Group, ang Navotas Coastal Bay Reclamation and Development Project ng Argonbay Construction Company, ang Manila Solar City Project ng Manila Goldcoast Development Corporation, at ang Manila Horizon Reclamation Project ng JBros Construction Corporation. Dagdag dito, ang mga alyado ni Duterte na sila Wilfredo Keng at Cavite Governer Jesus Crispin "Boying" Remulla ang may pasimuno sa 1,331 ektaryang Cavite 5-Island Reclamation project. Kahit hindi pa man nabibigyan ng environmental compliance certificate ang proyekto, litaw na litaw ang suportang binibigay ng probinsyal na pamahalaan ng Cavite sa kabila ng malawak na pagtutol ng mga mangingisda sa proyektong ito. Pinakamalaki ang nakuha ni Ramon Ang, isa sa mga pinakamalaking burgesya kumprador sa bansa at may-ari ng San Miguel Corporation (SMC). Binigyan ang SMC ng 50-taong prangkisa ng gobyerno ni Duterte para magtayo at mamahala ng isang Airport City o Aerotropolis sa mahigit 2,500 na ektarya ng dagat at lupain sa probinsya ng Bulacan.

Tuwang-tuwa ang mga kapitalistang dayuhan, burgesya kumprador at malalaking panginoong maylupa sa pakanang reklamasyon ng gobyerno. Ito ay tuwirang pagsasapribado ng ating mga baybaying dagat habang pinalilikas ang mga komunidad, nilalabag ang karapatan ng mamayan, at sinisira ang ating kapaligiran.



**BAKHAWANAN** Ang mga bakhawanan ang nagsisilbing tirahan at pinagkukunan ng makakain ng mga mangingisda.

**Tinutulan ng mga siyentista ng bayan ang mga proyektong reklamasyon**

Malaki ang naging papel ng mga siyentista ng bayan para paingayin ang isyu ng reklamasyon sa bansa. Noong 2018, naging kasama ng mga mangingisda ng Taliptip, Bulakan ang mga mananaliksik ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa pagsagawa ng pag-aaral tungkol sa epekto ng Aerotropolis sa kabuhayan ng mga mangingisda at mga kaakibat na panganib na dulot sa pagtatayo nito. Sa takot na mamulat ang mga mamamayan sa negatibong epekto ng Aerotropolis, pinasok ng mga militar ang komunidad ng mga mangingisda sa kumpas ng estado at ng SMC.

Mga siyentista ng bayan din ang isa sa nanguna sa kampanya laban sa reklamasyon sa Dumaguete. Gamit ang mga siyentipikong datos na nakalap sa deka-dekadang pananaliksik at walang-tigil na pagprotesta laban sa proyekto, matagumpay na napahinto kahit pansamantala ng mga siyentista ng Silliman University at ng masang Dumagueteño ang proyekto ng lokal na pamahalaan. Naging susi din ang suporta ng Philippine Association of Marine Science (PAMS) at National Academy of Science and Technology (NAST) para lalong maitambol ang isyu.

Sa kabila ng malawak na panawagan ng mga siyentista na ipahinto ang reklamasyon, ipinakita ng estado ang pagiging anti-science nito sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasawalang kibo sa mga babala. Isang malaking halimbawa nito ay ang pang-aalipusta ng DENR sa mga siyentista ng UP Marine Science Institute. Matapos punahin ng mga siyentista ang kontrobersyal na dolomite beach nourishment project sa Roxas Boulevard, inalipusta at tinawag silang "bayaran" ni DENR Undersecretary Benny Antiporda. Nagpatuloy din ang paulit-ulit na pagtatambak ng dolomite sa naturang lugar kahit pa sinabi na ng mga siyentista mula sa AGHAM (Samahan ng mga Nagtataguyod ng Agham at Teknolohiya para sa Sambayanan) na hindi ito sustenable at posible pang makaapekto ang paglabo ng tubig sa produksyon ng isda. Ganito rin ang naranasan ng mga siyentista ng Silliman University at National Scientist Angel Alcala matapos silang alipustahin at siraan ni Mayor Felipe Antonio Remollo at mga kasapakat nito.

**Bibiguin ng mamamayan ang mga mapaminsalang reklamasyon ng gobyerno**

Sama-samang bibiguin ng mamamayan ang makadayuhan at kontra-kalikasang reklamasyon ng gobyerno. Mahigpit ang pakikiisa ng Liga ng Agham para sa Bayan sa labang ito para ipagtanggol ang komunidad ng mga mangingisda, bakawan, at likas-yaman dagat. Demokratikong karapatan ng mamamayan ang mamuhay nang mapayapa sa kanilang komunidad. Ang mga mangingisda ang nangangalaga sa ating baybayin dagat at sila ang pangunahing dapat maglinang at makinabang sa ating likas-yamang dagat.

Sa isang demokratikong gobyerno, kapwa pinapangalagaan ang kalikasan at nirerespeto ang karapatan ng mamamayan habang isinusulong ang ekonomiya ng bansa para sa pag-unlad. Ang gobyernong ito ay itinatatag habang sinusulong ng mamamayan ang pambansang demokratikong rebolusyon sa bansa. Ang LAB, bilang bahagi ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), ay nagsusulong ng rebolusyong pakikibaka sa kanayunan at pagpapadaluyong ng kilusang masa sa kalunsuran.

Sa tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan at pagtatatag ng isang demokratikong gobyerno ng mamamayan, mabilis at malawakang masisimulan ang rehabilitasyon sa ating mga bakawan at kapaligran. Isusulong ng gobyernong ito ang kumprehensibong reporma sa pangisdaan at lupa. Ang ating likas-yaman kasama na ang matatagpuan sa dagat ay lilinangin natin para tugunan ang pangangailangan ng mamamayan at ng industriya para sa kabuuang pag-unlad ng bansa.

*Ang lathalaing ito ay ang pangalawang bahagi sa serye ng dalawang lathalain tungkol sa reklamasyon. Una nang nailathala ang unang bahagi sa Disyembre 2021 isyu ng Agham Bayan.*




**BAKHAWANAN** Ang mga bakhawanan ang nagsisilbing tirahan at pinagkukunan ng makakain ng mga mangingisda.

## Call for Submissions

*Inaayayahan namin ang mga syentista na mag-ambag ng kanilang mga sulatin, artikulo, tula, dibuho sa Agham Bayan. Maari ninyong ipadala sa editorial board sa email na*

**aghambayan@protonmail.com**